# Gabay sa seguridad at kaligtasan para sa mga dayuhan

Upang protektahan ang sarili at pamilya




Opisyal na mascot ng siyudad ng Fussa
TAKKE☆☆

Opisyal na mascot ng siyudad ng Hamura
はむりん

ふっさ·はむら多文化共生事業協議会

Ginawa noong Marso 2023



## Kapag may lindol



Ang bansang Hapon ay isang bansa na madalas magkaroon ng lindol.

Kapag may lindol, may panganib na mabuwal ang mga kasangkapan sa bahay, at mabasag ang mga salamin sa bintana.

## Kapag napansing may lindol



⚠ Protektahan ang sariling katawan (Protektahan ang ulo gamit ang matibay na bagay)

⚠ Huwag magmadaling lumabas (may panganib na tamaan ang ulo ng mga bagay na nahuhulog)



## Kapag humupa na ang lindol



⚠ Patayin ang apoy kung ginagamit ito

⚠ Siguruhin ang labasan(buksan ang pintuan)

⚠ Gamitin ang panyo, at iba pa, kapag may usok, at takpan ang bibig at ilong

⚠ Tawagan ang 119 kung hindi kayang patayin mismo ang apoy

⚠ Mag-ingat sa mga aftershocks (patuloy na pag-uga matapos magkaroon ng malaking lindol)
Tumakas agad kapag mapanganib sa loob ng bahay





## Saan likikas (tatakas)?



### Evacuation site

- Malalaking parke, school grounds, at iba pa

### Evacuation Center

- Maaaring lumagi upang mamuhay nang pansamantala sa gymnasium ng paaralan, at iba pa, sa oras na magpalabas ng impormasyon ukol sa paglikas o kapag nasira sa sariling tahanan.




**Babala:**
Kahit sinuman ay maaaring lumikas sa evacuation center, ngunit kailangang ihanda mismo ang mga bagay na kakailanganin.
Sa oras ng paglisan, isara ang gas valve sa bahay at patayin ang electric breaker.



## Kapag may malakas na ulan o bagyo



Madalas magkaroon ng malakas na ulan at bagyo mula sa buwan ng Hunyo hanggang Oktubre.

Ang malakas na pag-ulan ay nagiging sanhi ng pag-apaw ng mga ilog at ang tubig ay maaaring pumasok sa bahay.


Nagliliparan ang mga bagay dahil sa lakas ng ihip ng hangin, at nabubuwal din ang mga punong-kahoy.

Kapag mapanganib lumabas, lumikas sa isang lugar na mas mataas kaysa sa ikalawang palapag.





## Kapag may malakas na ulan o bagyo Kailan dapat lumikas?



Kapag nagpalabas ng impormasyon ukol sa paglikas sa TV,at iba pa, lumikas sa isang ligtas na lugar.

Kumpirmahin dito para sa mga detalye →

**5「緊急安全確保」**
→Panganib sa buhay　Tiyakin agad ang kaligtasan

**< Siguruhing lumikas kapag umabot sa 4 ! >**

**4「避難指示」**
→ Pagtakas ng lahat sa mapanganib na mga lugar

**3「高齢者等避難」**
→ Kailangang lumikas ang mga taong matatagalan sa paglikas





## Nasaan ang evacuation center?




Hindi natin alam kung kailan magkakaroon ng kalamidad, tulad ng lindol, malakas na ulan, at bagyo.

Kaya dapat kumpirmahin kung saan ang evacuation center.

Pag-usapan sa sariling pamilya at mga taong nasa paligid kung ano ang dapat gawin kapag nagkaroon ng isang kalamidad.

**Disaster Prevention Map para sa siyudad ng Fussa**

**Disaster Prevention Map para sa siyudad ng Hamura**



## Kapaki-pakinabang na app

### Kapag nais alamin ang mga bagay tungkol sa kalamidad

**Tokyo Disaster Prevention App**
- Maaaring tingnan ang impormasyong kapaki-pakinabang tungkol sa kalamidad (sa wikang Hapon, Ingles, Intsik, at Koreano)




Android

iOS

**NHK News Web Easy**
- Website na kung saan maaaring tingnan ang balitang nasa wikang Hapon na madaling maintindihan

### Kapag hindi maiparating ang nais sabihin

iOS

ボイストラ
**VoiceTra®**




- Voice translation app sa iba't-ibang wika na kapaki-pakinabang para sa maikling pakikipag-usap.

Android

【提供元】国立研究開発法人情報通信研究機構(NICT)

# Ano ang dapat ihanda?

Kapag nagkaroon ng kalamidad, hindi maaaring gamitin ang elektrisidad, gas o tubig. Hindi rin maaaring bumili ng pagkain at mga inumin sa supermarket at convenience stores.
→ **Kailangang ihanda sa sariling tahanan.**




Siguruhing ihanda ang mga bagay na kinakailangan ng pamilya (para sa tatlong araw) na madaling dalhin agad sa oras ng paglikas.



# Halimbawa ng mga bagay na ihahanda

- ☐ Pagkain, inumin
- ☐ Flashlight (ilaw)
- ☐ Portable toilet
- ☐ Passport, Residence Card
- ☐ Battery charger, mobile battery
- ☐ Mask, wet tissues
- ☐ Mga damit, damit panloob
- ☐ Gamot, first-aid items
- ☐ Cash (barya), mahahalagang bagay, at iba pa







Kapag may sanggol o batang maliit, kailangan din ihanda ang diapers, at gatas. Mas mainam din kung ihanda ang mga retort foods (pagkaing maaaring painitin), de-latang pagkain, at iba pa.



# Upang maiwasan ang pinsala

Upang maiwasan ang pinsala, gumamit ng fall-prevention devices para sa kasangkapan, at scattering prevention film para sa salamin.



# Sumali sa mga pagsasanay ukol sa disaster prevention

Kapag nagkaroon ng isang kalamidad, lumikas agad sa evacuation center, patayin ang apoy, at gawin ang iba't-ibang mga pagsasanay.





# Paraan ng pag-contact kapag nagkaroon ng kalamidad



Kapag nagkaroon ng isang kalamidad, at hindi makakonekta sa telepono, maaaring mag-record ng mensahe, o makinig sa mga iniwang mensahe sa paggamit ng "Disaster Message Dial".

**Pag-record ng mensahe**

① i-dial ang 171
② Pindutin ang 1
③ i-dial ang sariling numero
④ i-record ang sariling boses



**Pakikinig sa mensahe**

① i-dial ang 171
② Pindutin ang 2
③ i-dial ang numero ng pamilya, kaibigan
④ Pakinggan ang mensahe



# Mga bagay na dapat pag-ingatan habang nasa evacuation centers

Ang lahat ay nagtutulungan habang namumuhay sa loob ng evacuation centers



Huwag pumasok, sumilip o mag-ingay sa lugar ng ibang tao. Ang lahat ay dapat sumunod sa mga patakaran habang magkasamang namumuhay.



Tulungan ang mga taong may kapansanan, mga matatanda, mga nag-aalaga ng sanggol, at iba pang taong nangangailangan ng suporta.



# Makipag-usap

Regular na gawin ang pagbati at pakikipag-usap sa mga kapitbahay.



Kahit magkaroon ng kalamidad, hindi agad makakarating ang mga ambulansiya at bombero.



Mahalagang makipagtulungan sa mga kapitbahay at tulungan ang isa't-isa.

Umpisahan na ito sa pagbati ng
こんにちは
"Konnichiwa"!





# Tingnan dito para alamin kung paano protektahan ang sarili at pamilya

| [ Fussa City Hall ] | [ Hamura City Hall ] |
| --- | --- |
| ☎ 042-551-1511 | ☎ 042-555-1111 |



**Bombero** ☎ 119



**Pulis** ☎ 110





# Isulat ang impormasyon ukol sa sarili



Evacuation site na malapit sa sariling tahanan

Pook na kung saan magtitipon ang buong pamilya

Contact info ng pamilya